

# KAILANGAN NYO BA NG TULONG UPANG MAKABAYAD NG INYONG BILL

## Makakatulong kami!

ladwp.com/cares

LA DWP

## MGA PROGRAMA UPANG MAKATIPID, AT IBA PA!

| MGA DISCOUNT PROGRAM NG LADWP | PARA KANINO ANG MGA ITO? |
|---|---|
| **EZ-SAVE** | Mga customer na kwalipikado ayon sa kita |
| **Senior Citizen/Disability Lifeline Rate (Lifeline)** | Mga customer na kwalipikado ayon sa kita, 62 taong gulang o higit pa o may kapansanan |
| **Physician Certified Allowance Discount (PCAD)** | Mga sambahayang may kapansanan tulad ng paralisis, multiple sclerosis, neuromuscular disorder, at iba pa |
| **Life-Support Equipment Discount (Life Support)** | Mga sambahayang gumagamit ng life-support device tulad ng mga de-motor na wheelchair, respirator, makina para sa dialysis, at iba pa |

| IBA PANG PROGRAMA NG LADWP | PARA KANINO ANG MGA ITO? | ANO ITO? |
|---|---|---|
| **Level Pay** | Mga residential customer na gusto ng pantay at pare-parehong bayad kada buwan sa loob ng isang buong taon | Buwanang bayad na humigit-kumulang na pantay at pare-pareho ayon sa nakaraang konsumo. Ang mga nakaraang balanse na past due ay maaaring idagdag dito. |
| **Karagdagang Panahon Upang Makabayad** | Mga residential at comercial na mga customer na nangangailangan ng karagdagang panahon upang makabayad | Walang down payment, interes o multa. Ang karagdagang panahon para makabayad ay hanggang 48 na buwan para sa mga discount customer at hanggang 36 na buwan para sa ibang customer. |

**Customer Contact Center**
1-800-DIAL-DWP
(1-800-342-5397)
TTY: 1-800-HEAR-DWP
(1-800-432-7397)

Lunes-Biyernes: 7 a.m. to 7 p.m.
Sabado: 7 a.m. to 2 p.m.
Linggo at mga Holiday: Sarado
Bukas 24/7 para sa mga emergency at tawag tungkol sa pagkawala ng tubig o kuryente

**Hanapin ang pinakamalapit ng Customer Service Center sa inyo**
ladwp.com/csc

# MAY MGA PROGRAMA RIN MULA SA ESTADO NG CALIFORNIA UPANG MAKATULONG SA PAGBAYAD NG MGA UTILITY

| MGA PROGRAMA NG ESTADO NG CALIFORNIA | ANO ITO? | PAANO MAG-APPLY |
|---|---|---|
| **Low Income Home Energy Assistance Program (LIHEAP)**<br>WEBPAGE NG PROGRAMA<br>ladwp.com/LIHEAP | Hanggang $3,000* para makabayad ng kuryente. Mayroon ding mga libreng appliances at programa para gawing mas matipid sa kuryente ang inyong bahay!<br>UMAKSYON AGAD! LIMITADONG PONDO | TUMAWAG SA INYONG TIGA-DULOT NG SERBISYO NGAYON DIN!<br>San Fernando Valley, Northeast LA, East LA:<br>Maravilla \| 323-721-4162 or 800-906-4651<br>www.maravilla.org<br><br>West LA, Central LA, South LA:<br>PACE \| 213-989-3177<br>www.pacela.org/our-work/energy<br><br>Harbor:<br>Long Beach Community Action Partnership<br>888-351-4061<br>www.lbcap.org/energy-assistance-heap<br><br>Owens Valley:<br>Inyo Mono Advocates for Community Action<br>760-873-8557<br>www.imaca.net/energy-assistance |
| **Low Income Household Water Assistance Program (LIHWAP)**<br>WEBPAGE NG PROGRAMA<br>ladwp.com/LIHWAP | Hanggang $15,000* para makabayad ng mga hindi nabayarang bill, o mula $200 hanggang $316 para makabayad ng kasalukuyang bill ng tubig at/o sewer.<br>UMAKSYON AGAD! LIMITADONG PONDO | |

**Maaaring magbago ang mga halaga ng benepisyo. Makipag-ugnayan sa inyong tiga-dulot ng serbisyo para sa karagdagang impormasyon.*

## MGA KARANIWANG TANONG

**Maaari ko bang pagsamahin ang mga diskwento?** Maaaring pagsamahin ng mga kwalipikadong customer ang mga diskwento sa Lifeline, PCAD, at/o Life-Support. Maaari ring makatanggap ng tulong mula sa LIHEAP at LIHWAP ng walang epekto sa ibang benepisyo.

**Kailangan ko bang magbigay ng social security number para mag-apply ng mga diskwento at programa sa LADWP?** Hindi. Sinumang customer ay maaaring mag-apply para sa aming mga diskwento at programa. Kailangan lang matugunan ang mga tuntunin para sa bawat programa.

**Binibilang ba na public charge ang mga programa upang makatulong sa pagbayad ng utility bills?** Ang mga tulong sa pagbayad ng utility bills ay hindi binibilang sa public charge. Magtungo sa chhs.ca.gov/public-charge-guide para sa karagdagang impormasyon.

**Kailangan ko ba ng social security number para mag-apply para sa LIHEAP/LIHWAP?** Maaaring mag-apply ang sinumang 18-taong gulang o higit pa at nakatira sa inyong sambahayan ng full time (tulad ng anak na nasa hustong gulang, roommate o kamag-anak). Ang aplikante ay dapat na may social security number at ang pangalan ng aplikante ay hindi kailangang nakalista sa bill.

**Kailangan ko bang bayaran ito?** Hindi. Ang mga programang ito ay para makatulong sa pagbayad ng mga utility bill.

**Kailangan ko bang magbayad ng buwis sa mga benepisyo ng LIHEAP/LIHWAP?** Hindi. Para sa mga residential na customer, ang mga programang ito ay hindi binibilang na kita at sa gayon at hindi binubuwisan.

LA DWP